

Libreng De-resetang Gamot

Sa Ontario,

- gagawing libre ang mga de-resetang gamot para sa lahat ng taong 65-taong-gulang at mas matanda sa pamamagitan ng OHIP+, masisigurado nito na walang maiiwang senior citizen at makukuha nilang lahat ang mga gamot na kinakailangan nila. Ang karaniwang senior sa Ontario ay makatitipid ng \$240 bawat taon dahil aalisin ang Ontario Drug Benefit annual deductible at co-pay. Sinusundan nito ang paglaan ng mga libreng de-resetang gamot para sa lahat ng taong wala pang 25 taong-gulang na sinimulan sa 2017 Ontario Budget. Dahil sa expansion na ito, ang mga de-resetang gamot ay magiging libre na ngayon para sa halos isa sa bawat dalawang Ontarians, o humigit-kumulang sa 6.4 milyong katao.
- isasali sa OHIP+ ang mahigit sa 4,400 de-resetang gamot, tulad ng mga gamot para sa cholesterol, hypertension, thyroid conditions, diabetes, at asthma.

Seniors' Healthy Home Program

Sa Ontario,

- sisimulan ang bagong Seniors' Healthy Home Program. Ipinapakita nito na nalalamang may mga gastos kapag naninirahan ang mga matatanda sa tahanan, kung saan nila gustong manatili. Ito'y magbibigay ng benefit na magkakahalaga ng hanggang \$750 bawat taon para sa mga eligible household na pinamumunuan ng seniors na 75 taong-gulang at mas matanda, upang matulungan silang mamuhay nang hindi umaasa sa iba at upang ma-offset ang mga gastos sa pagmintina ng kanilang mga tahanan.
- pahuhusayin ang kalidad ng buhay ng seniors kapag ang kanilang sakit o nabawasang pagkilos ay maaaring makaapekto sa kanilang kakayahang magmintina ng isang tahanan.
- kokonsultahin ang seniors groups at ibang stakeholders tungkol sa design ng programa, kabilang ang kung anong mga ispesipikong uri ng mga gastos ang dapat maging eligible.

Karagdagang Pangangalaga para sa Seniors

Sa Ontario,

- nagdaragdag ng 30,000 bagong long-term care beds sa darating na 10 taon — magdaragdag ng 5,000 bagong beds hanggang sa 2022 — upang tulungan ang mga taong hindi na maaaring manirahan nang mag-isa at upang mapanatag ang mga kalooban ng mga taong nag-aalaga sa kanila. Ang bagong beds na ito ay bukod pa sa kasalukuyang 30,000 beds na nire-redevelop.
- pahuhusayin ang ating mga ospital sa pamamagitan ng pagbigay ng mas mabuting access sa pangangalaga, pagbawas sa katagalan ng paghihintay, at pagtugon sa mga problema ng kapasidad, sa pamamagitan ng karagdagang \$822-milyong investment sa 2018–19. Ito ang magiging pinakamalaking single investment ng pamahalaan sa mga ospital sa nakaraang halos isang dekada. Ang probinsiya ay nag-iinvest din ng humigit-

kumulang sa \$19 bilyon sa loob ng 10-taong panahon upang magtayo at mag-renovate ng mga ospital nang ito'y makapagbigay ng karagdagan at mas mabilis na health care para sa mga tao.

- dinaragdagan ang pang-araw-araw na pangangalaga na natatanggap ng bawat tao sa isang long-term care home at ginagawa itong apat na oras sa karaniwan.
- pinahuhusay ang pangangalaga para sa 14,000 taong ngayon pa lamang nadiyagnos ng dementia, saan man sila nakatira.
- naglalaan ng karagdagang access sa home at community health care services, kabilang ang 2.8 milyong karagdagang oras ng personal na suporta at 284,000 karagdagang pagbisita ng mga nars sa pamamagitan ng isang \$650 milyong investment sa darating na tatlong taon.

Tinutulungan ang Seniors na Mamuhay nang Aktibo at Manatiling Nasa Mabuting Kalusugan

Sa Ontario,

- gagawing mas madali para sa seniors na makakuha ng serbisyo ng pamahalaan, kabilang ang isang one-stop website at 24-oras na serbisyo sa telepono sa mahigit sa 150 wika.
- tutulungan ang seniors na manatiling aktibo at konektado sa kanilang mga komunidad sa pamamagitan ng pagsuporta at pag-expand ng network ng active living centres ng seniors sa buong probinsiya.
- naglalaan ng 200 bagong subsidies upang tulungan ang seniors na maka-upa ng abot-kayang housing at makakuha ng home at community care.
- patuloy na tumutugon sa elder abuse o pag-abuso sa mga matatanda, sa pamamagitan ng mas mahusay na access sa mga serbisyo sa komunidad at pagsuporta sa pagbigay ng pampublikong edukasyon at training ng service provider.